

**Phenomenological Study** ay isang uri ng kwalitatibong pananaliksik na layuning maunawaan ang karanasan ng mga tao bilang mga indibidwal sa isang partikular na phenomenon o kaganapan.

Ayon kay Edmund Husserl (1913), na kinikilala bilang ama ng phenomenology, ang metodolohiyang ito ay nakatuon sa pag-aaral ng mga lived experiences ng tao upang matuklasan ang esensya ng mga ito.

Dagdag pa rito, sina Moustakas (1994) at Creswell (2013) ay nagbigay ng modernong paglalarawan na ang phenomenological study ay naglalayong tuklasin ang kahulugan ng mga karanasan ng mga kalahok at kung paano nila ito binibigyang-kahulugan.

Sa kabuuan, ang phenomenological study ay nagpapalalim sa pag-unawa sa personal at subhetibong karanasan ng tao upang mapalawak ang kaalaman sa isang partikular na phenomenon.